# Mga nakasulat na ulat (written reports) para sa mga mag-aaral na nag-aaral ng Ingles bilang isang karagdagang wika o diyalekto K-10

## Impormasyon para sa mga magulang at mga tagapag-alaga

Mahal naming mga magulang at mga tagapag-alaga

Nakakatanggap kayo ng dalawang nakasulat na mga ulat mula sa paaralan ng inyong anak bawat taon. Ang mga ulat na ito ay makakatulong sa inyo na maintindihan kung paano sumusulong ang inyong anak at kung paano sinusuportahan ng paaralan ang pag-aaral ng inyong anak. Ang bawa't ulat ay magpapakita ng progreso sa lahat ng asiggnatura ng inyong anak.

### Mga ulat para sa mga mag-aaral na nag-aaral ng Ingles bilang isang karagdagang wika o diyalekto (English as an additional language or dialect (EAL/D))

Kung ang inyong anak ay nag-aaral ng Ingles bilang isang karagdagang wika o diyalekto (EAL/D), ipapaliwanag ng ulat kung paano sinusuportahan ang kanilang pag-unlad sa wikang Ingles at ang pagsulong ng inyong anak sa pag-aaral ng wikang Ingles. Para sa mga mag-aaral na nasa Year 1 at pataas, kasama rin sa ulat ang kanilang kasalukuyang yugto ng kahusayan sa wikang Ingles. Ang mga yugto ay ang beginning (umpisa), emerging (umuusbong), developing (umuunlad) o consolidating (pagsasama-sama). Pakitingnan ang kabilang pahina para sa mga paglalarawan ng mga yugtong ito.

### Mga ulat para sa mga kararating lamang na mga mag-aaral ng EAL/D

Kung ang inyong anak ay nasa isang programang EAL/D at nasa isang paaralan sa Australia ng apat na term o mas mababa, maaaring kasama sa nakasulat na ulat ng inyong anak ang mga komento tungkol sa kanilang pag-unlad sa mga asignatura na pinag-aaralan nila sa halip na isang marka.

### Mga ulat para sa kararating lamang na mga mag-aaral ng EAL/D sa mga Sentro ng Masinsinang Pag-aaral ng Ingles (Intensive English Centre) o sa Mataas na Paaralan ng Masinsinang Pag-aaral ng Ingles sa (Intensive English High School)

Kung ang inyong anak ay nakatala sa isang Sentro ng Masinsinang Pag-aaral ng Ingles (Intensive English Centre) o sa Mataas na Paaralan ng Masinsinang Pag-aaral ng Ingles (Intensive English High School), makakatanggap ka ng isang nakasulat na ulat tungkol sa kanilang pag-unlad sa pag-aaral ng Ingles. Bukod pa dito, ipapakita ng ulat ang pag-unlad sa lahat ng mga asignaturang napapag-aralan bilang paghahanda sa mataas na paaralan.

| Mga Yugto ng Kahusayan sa Wikang Ingles | |
|---|---|
| **Beginning (Umpisa)** | Ang mga mag-aaral sa umpisang yugto ay nagsisimulang pag-aralan ang Ingles. Maaaring kaya nilang magsalita ng isa o higit pang mga wika na maliban sa Ingles at maaaring may angkop sa edad na antas na sumulat ng kanilang unang wika. Ang mga mag-aaral na ito ay nag-uumpisa nang magsagawa ng mga simpleng gawain sa wika ng kurikulum. |
| **Emerging (Umuusbong)** | Ang mga mag-aaral na nasa umuusbong na yugto ay may lumalago na karunungan ng Ingles. Ang mga mag-aaral na ito ay kayang magsalita ng isa o higit pang mga wika, kabilang ang simpleng Ingles, at may lumalagong karunungan ng nakasulat na Ingles. Ang mga mag-aaral na ito ay kayang makilahok sa mga aktibidad sa silid-aralan at makisali sa pag-aaral kapag bibigyan ng nararapat na pagtuturo ng wika at karagdagang oras upang matapos ang mga aktibidad sa silid-aralan. |
| **Developing (Umuunlad)** | Ang mga mag-aaral na nasa umuunlad na yugto ay kayang makipag-usap sa isa o higit pang mga wika, kabilang ang pang-araw-araw na Ingles, at may lumalagong kaalaman ng nakasulat na Ingles. Ang mga mag-aaral na ito ay aktibong nakikilahok sa mga gawain sa silid-aralan at paaralan, at kayang makipagtulungan sa mga gawain ng pag-aaral. Ang kanilang unang wika ay nagpapatuloy sa pagiging isang mahalagang tulong habang binubuo nila ang kanilang pamamatnubay sa balarilang Ingles at binubuo ang kanilang bokabularyo. |
| **Consolidating (Pagsasama-sama)** | Ang mga mag-aaral na nasa yugtong pagsasama-sama ay kayang magsalita ng isa o higit pang mga wika, kabilang ang Ingles at may lubusang karunungan ng nakasulat na Ingles. Ang mga mag-aaral na ito ay mga independiyenteng kalahok sa silid-aralan at sa mga gawaing paaralan, at may karagdagang kakayahan na gumamit ng Ingles upang makisali sa pag-aaral na karaniwan ay matagumpay. Naiintindihan nila at kayang bumuo ng nasasalita at mga nakasulat na text para sa iba't-ibang mga layunin ngunit kailangan pa rin ng nakatuon na pagtuturo ng wika at mga istratehiya na sumusuporta sa mga mag-aaral ng EAL/D, habang nagiging mas kumplikado ang mga wikang ginagamit sa pag-aaral. |

## Serbisyo ng Pag-iinterprete sa Telepono

Kung kayo ay nangangailangan ng karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnay sa paaralan. Kung kinakailangan ninyo ng isang tagapag-salin ng wika upang tulungan kayo na makipag-ugnay sa paaralan, mangyaring tumawag sa Telephone Interpreter Service (Serbisyo ng Pag-iinterprete sa Telepono) sa 131 450 at humingi ng isang interpreter ng inyong wika. Tatawagan ng interpreter ang paaralan at mananatili sa linya upang tumulong sa pakikipag-usap. Hindi kayo sisingilin para sa serbisyong ito.